BC CANCER LUNG SCREENING
Provincial Health Services Authority

# Lung Screening (Screening sa Baga)

Para sa mga táong naninigarilyo, o dating naninigarilyo

***Alagaan ang iyong kalusugan sa pamamagitan ng pagpapa-screening para sa kanser sa baga. Ang screening ay madali, mabisa, at hindi masakit.***

Maagang natutuklasan ng lung screening ang kanser, habang wala ka pang nararanasang anumang mga sintomas. Kapag maagang nahanap ang kanser, mas marami ang mga opsyon sa pagpapapagamot at mas mabuti ang chance na ito'y maaagapan.

Sa lung screening, ini-iscan ang iyong mga baga gamit ang isang low-dose CT (LDCT) machine. Ang scan ay libre at ito'y ginagawa sa isang ospital sa iyong komunidad.

## Bakit mahalaga ang lung screening?

Ang kanser sa baga ay isa sa pinakamadalas na nadidiyagnos na kanser, at ito ang pangunahing sanhi ng kamatayan sa kanser sa British Columbia. Ang paninigarilyo ay siya pa ring pangunahing sanhi ng kanser sa baga, at ito'y nauuwi sa mahigit sa 70% ng mga kamatayan sa lung cancer sa mga lalaki, at 55% ng mga kamatayan sa lung cancer sa mga babae.

Karaniwang hindi lumalabas ang mga sintomas ng lung cancer hanggang ang sakit ay nasa advanced stage at ito'y kumalat na. Ang early detection sa pamamagitan ng screening ay makakatulong sa paghanap ng kanser habang nasa early stages pa lamang ito, kapag mas madali pa ito maaagapan ng treatment.

## Ano ang dapat mo malaman

- Ang pinakamainam na paraan upang bawasan ang iyong risk na magkaroon ng kanser sa baga ay ang hindi magsigarilyo at ang magpa-screen.
- Ang kanser sa baga ay ang pangunahing sanhi ng kamatayan sa kanser sa B.C.
- Ang paninigarilyo ay siya pa ring pangunahing sanhi ng kanser sa baga, at ito'y nauuwi sa mahigit sa 70% ng mga kamatayan sa lung cancer sa mga lalaki, at 55% ng mga kamatayan sa lung cancer sa mga babae.

## Ano ang mangyayari kapag nagpa-screening sa baga?

Sa lung screening, ginagamitan ang mga baga ng low-dose CT scan. Kapag gagawin ang iyong scan, hihiga ka sa isang mesa at kukuha ng mga detalyadong images ng iyong baga; gagamitin para dito ang isang scanner (mukha itong doughnut) na gumagamit ng kaunting radiation. Ang scan ay hindi man aabutin nang 10 segundo, at hindi ito masakit. Ilalagay mo ang iyong mga braso sa itaas ng iyong ulo at ilang segundo kang hindi muna hihinga habang ginagawa ang scan. Hindi mo kailangang uminom ng anumang gamot at hindi ka rin tutusukan ng anumang karayom para sa test na ito.

> Ang scan ay hahanap ng mga palatandaan ng kanser sa baga at iba pang mga sakit sa baga. Naipakita na ang early detection ay nagdaragdag ng 20% sa chance of survival ng mga táong nadiyagnos ng lung cancer.

## Ano ang mangyayari pagkatapos ng aking lung screening?

Pagkatapos ng iyong lung screening, ang radiologist ay maghahanap ng spots (mga batik-batik; tinatawag ding nodules) sa iyong scan. Ang spots na ito ay mga maliliit na bukol ng tissue na nakikita sa maraming tao. Hindi masasabi ng iyong scan lamang kung ang spots na ito ay mga peklat, mga lugar ng inflammation, o kanser. Ang susunod na gagawin ay depende sa kalakihan at sa itsura ng anumang spots na mahahanap. Depende sa iyoing mga resulta, maaaring sabihan kang magpa-screen muli makalipas ang 1 hanggang 2 taon, o magpagawa ng ibang mga test, kabilang ang mga karagdagang scan o isang lung biopsy.

## Pagtigil ng paninigarilyo

Maaaring mahirap tigilan ang paninigarilyo. Gayunman, dinodoble ng pagtigil ng paninigarilyo ang mga benepisyo ng screening, at lubos na pinahuhusay nito ang iyong kalusugan. Pinahuhusay din ng pagtigil ng paninigarilyo ang health

outcomes para sa ibang mga sakit na may kinalaman sa tabako, tulad ng atake sa puso, istrok, at chronic obstructive pulmonary disease (COPD). Maraming resources upang tulungan kang suportahan ang iyong desisyon na mag-quit. Kakausapin ka namin tungkol sa resources na ito kapag nagkonsulta ka sa Lung Screening Program.

## Sino ang dapat magpa-lung screening?

Ang lung screening ay pinakamainam para sa mga táong pinakananganganib na magka-lung cancer at walang nararanasang anumang mga sintomas. Karaniwang kabilang dito ang mga táong:

- 55 hanggang 74-taong-gulang;
- Kasalukuyang naninigarilyo, o dating naninigarilyo; at
- Naninigarilyo o dating nanigarilyo nang 20 taon o higit pa.

Kung natutupad mo ang requirements na ito, mangyaring tawagan ang Lung Screening Program sa 1-877-717-5864 upang kumpletohin ang isang consultation at risk assessment sa telepono. Kung ikaw ay kasalukuyang naninigarilyo, pag-uusapan din natin sa telepono ang resources upang tulungan kang mag-quit.

## Bakit hindi inirerekomenda ang lung screening para sa lahat?

Ang mga táong hindi tumutupad sa screening requirements na binanggit sa itaas ay karaniwang hindi itinuturing na high-risk para sa lung cancer. Kung hindi ka naman gaanong madalas nagsisigarilyo dati, maaaring hindi angkop ang lung screening para sa iyo.

Ang screening ay hindi rin angkop para sa lahat ng mga táong may nararanasang mga sintomas ng lung cancer, kabilang ang:

- Pag-ubo na hindi nawawala o na lumalala;
- Kapag umuubo ay may lumalabas na dugo o dura na nangingitim (dura o plema)
- Pangangapos ng hininga o pananakit sa dibdib na laging nararamdaman at lumalala kapag humihinga nang malalim o umuubo.

Kung ikaw ay may nararanasang alinman sa mga sintomas na ito, mangyaring kausapin kaagad ang iyong primary care provider.

## Mga dapat tandaan:

- Walang perfect na screening test. Maaaring imungkahi ng iyong lung scan na mayroon kang kanser sa baga, pero wala namang kanser (false-positive). Kapag ang resulta ay false-positive, kailangan ng karagdagang follow-ups, paminsan-minsan ay kailangan ang operasyon bago magpasiya na wala ka ngang kanser. Maaaring madagdagan ang iyong stress at anxiety sa panahong ito.
- Ang iyong lung scan ay maaari ring makahanap ng mga kaso ng kanser na mabagal na mabagal lumaki at na hindi inaasahang magdulot ng anumang problema habang-buhay. Ito'y tinatawag na overdiagnosis at maaari itong mauwi sa treatment na hindi naman makakabenepisyo sa iyo. Gayunman, sa panahon ng diyagnosis, hindi masasabi ng health care professionals kung ang kanser ay magdudulot ng anumang mga problema hangga’t hindi sila gumagawa ng mga karagdagang test.
- Ilalantad ka ng iyong lung scan sa kaunting-kaunting radiation; gayunman ang chance na magka-kanser dahil sa paulit-ulit na pagkalantad sa radiation ay mababang-mababa. Ang LDCT scan ay gumagamit ng 5 times less radiation kaysa sa isang regular CT scan at ito'y katulad ng matatanggap mo mula sa natural na background (radiation mula sa langit at sa lupa) sa loob ng anim-na-buwang panahon.

## Kontakin Kami

BC Cancer Lung Screening
801-686 West Broadway Vancouver, BC V5Z 1G1
Telepono: 1-877-717-5864
Email: screening@bccancer.bc.ca
Web: [www.screeningbc.ca/lung](http://www.screeningbc.ca/lung)

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at protektado mula sa di-awtorisadong paggamit at disclosure (pagsisiwalat sa iba), alinsunod sa Personal Information Protection Act (Batas Ukol sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon) at kapag naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act (Batas Ukol sa Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagka-pribado). Ang impormasyon na ito ay maaari lamang gamitin at ibunyag sa iba alinsunod sa nakalaan sa mga Batas na iyon, at ito'y gagamitin para mapamahalaan ang quality assurance; ito'y ibubunyag sa healthcare practitioners na nagbibigay ng pangangalaga, o kapag iniutos ito ng batas. Kung may anumang mga katanungan hinggil sa pangongolekta ng BC Cancer ng impormasyon, ipadala ito sa Operations Director, Cancer Screening (address: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, web: www.screeningbc.ca or email: screening@bccancer.bc.ca).